REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 48

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA MGA NARARAPAT NA AHENSIYA NG PAMAHALAAN ANG PAGHIRANG KAY G. EDUARDO A. ALON BILANG PERMANENTENG INGAT-YAMAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pagpapatunay at pagpapatibay sa paghirang sa Ingat-Yaman ay kapakipakinabang sa Pamahalaang Bayan sa pamamagitan ng tungkulin na isinasagawa ng Ingat-Yaman at ang pananagutan at gawain na kanyang haharapin;

SAPAGKAT, si G. Eduardo A. Alon ay may mahigit ng tatlumpung taong namunungkulan bilang kawani ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, si G. Eduardo A. Alon ay dalawampu at tatlong taon ng nanunungkulan bilang Pangalawang Ingat-Yaman ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, si G. Eduardo A. Alon ay may sapat na kaalaman, kakayahan at karanasan upang magampanan ang tungkulin ng Ingat-Yaman;

NGAYON, DAHIL DITO, ang mga kasapi ng Sangguniang Bayan ay nagkaisa sa paghirang kay G. Eduardo A. Alon bilang permanenteng Ingat-Yaman ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan sa kanilang pangdalawampu't walong (28th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-12 ng Septiyembre, 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Septiyembre 12, 1988